


# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 11: Pagbibigay ng Sarili at Maaring Solusyon sa Isang Suliraning Naobserbahan sa Paligid



**Filipino– Ikaanim na Baitang  
Alternative Delivery Mode  
Unang Markahan – Modyul 11: Pagbibigay ng Sarili at Maaring Solusyon sa Isang  
Suliraning Naobserbahan sa Paligid  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyulna ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

<b>Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul</b>		
<b>Manunulat:</b>	Ma. Ruth C. Delfin	
<b>Editor:</b>	Marijo N. Panuncio	Benedick T. Viola
<b>Tagasuri:</b>	Francisca L. Pinos	Ma. Gemma A. Bimbao
	Celestino S. Dalumpines IV	
<b>Tagaguhit:</b>	Rolan B. Bulaclac	Swelyn E. Forro
<b>Tagalapat:</b>	Esmeralda A. Dagmil	Glenn P. Dollete
<b>Tagapamahala:</b>	Gemma M. Ledesma	
	Salvador O. Ochoa, Jr.	
	Elena P. Gonzaga	
	Donald T. Genine	
	Celestino S. Dalumpines IV	
	Segundina F. Dollete	
	Shirley A. De Juan	
	Merlie J. Rubio	

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**  
**Department of Education – Region VI**  
Office Address: Duran Street, Iloilo City  
Telefax: (033) 336-2816 (033) 509-7653  
E-mail Address: region6@deped.gov.ph

# **Filipino**

**Unang Markahan – Modyul 11:  
Pagbibigay ng Sarili at Maaring  
Solusyon sa Isang Suliraning  
Naobserbahan sa Paligid**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/ Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung simumang gagabay at tutulong sa pag-aaral at mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang salita upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ang ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang sagot sa bawat Gawain at pagsusulit. Inaasahan naming na maging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumagamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makaranas ng suliranin pag-unawa sa mga aralin at sa paggamit ng SLM na ito.



## Alamin

Pagbati sa iyo kaibigan! Ako pa rin ito, ang kaibigan mong si Kokoy. Salamat at nakarating ka sa araling ito.

Ang modyul na ito ay higit na makatutulong lalo na ang mga gawain upang makapagbigay ng mga solusyon o mga suliraning nangyayari sa ating kapaligiran. Ang kailangan ko lang ay ang kawilihan mo sa pagsagot sa mga gawaing inihanda. Kaibigan, pag-igihan mo ha!

Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul na ito, inaasahan na ikaw ay ikaw ay:

- nakapagbibigay ng sarili o maaring solusyon sa isang suliraning naobserbahan sa







## Subukin

- A. Magandang buhay! Handa ka na ba sa panibagong hamon? Ibigay ang maaaring solusyong nasa Hanay B sa problemang nasa Hanay A. Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

### Hanay A



### Hanay B

A. painumin ng gamot

B. tatawag ng bumbero

C. dadalhin sa klinika

D. manood ng pelikula

E. pagsabihan ang kaklaseng huwag mambully

F. tumulong sapaglilinis

- B. Basahing mabuti ang kasunod na mga sitwasyon at piliin mo ang iyong sariling solusyon sa isang suliraning ito. Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong papel.

6. Bumabaha ang inyong silid-aralan dahil barado ang kanal sa likod nito.

- A. Hayaan lang na bumaha ang silid-aralan.
- B. Magalit sa guro dahil hindi ito pinalinisan agad.
- C. Umuwi sa bahay at hindi na babalik sa eskuwelahan.
- D. Tumulong sa paglilis at pagkuha ng bumabara sa kanal.

1. Unti-unting namamatay ang mga halaman dahil hindi umuulan.

- A. Gawing palaruan ang hardin.
- B. Diligan araw-araw ang mga halaman.
- C. Ipaubaya sa iba ang pag-alaga ng inyong halaman.

- D. Sa susunod na araw baka uulan naman.
2. Napakalakas ng ulan at nagliliparan ang bubong ng mga bahay dahil sa Bagyong Yolanda.
    - A. Umiyak at magmukmok sa loob ng bahay.
    - B. Ipagwalang bahala ang pangyayari sa paligid.
    - C. Hintaying humupa ang ulan at malakas na hangin bago lumikas.
    - D. Pumunta sa pinakamalapit na evacuation center pagkarinig ng balitang may darating na malakas na bagyo.
  
  3. Maraming kabataan sa inyong lugar ang natututong manigarilyo.
    - A. Hayaan lamang sila.
    - B. Gayahin ang kabataang naninigarilyo.
    - C. Iwasan ang mga batang naninigarilyo at huwag pansinin.
    - D. Pagsabihan ang kabataang itigil ang paninigarilyo dahil nakasasama ito sa kalusugan.
  
  4. Marami ang hindi sumusunod sa patakaran ng pamahalaan tungkol sa *EnhanceCommunity Quarantine o ECQ*.
    - A. Huwag pansinin at manatili ka na lang sa bahay.
    - B. Manahimik na lamang at baka magalit sila sa iyo.
    - C. Balewalain na lang ang mga nakikitang paglabag.
    - D. Isumbong sa opisyaes ng barangay o pulis para mabigyan ng kaukulang parusa.

**K**aibigan nasagot mo ba ang lahat na tanong?

Magaling, dahil kung ikaw ay nakakuha ng 100 puntos puwede ka nang umusad sa susunod na modyul- ang Aralin 12. Kung sakaling hindi mo nakuha ang lahat na sagot, huwag mag-alala dahil ipagpatuloy natin ang iyong pag-aral sa modyul na ito, sasamahan kita sa iyong pagtuklas.

Halika at sasamahan kita sa susunod pang mga *awain!*



**Aralin**  
**1**

# Pagbibigay ng Sarili o Maaring Solusyon sa Isang Suliraning Naobserbahan sa Paligid




**S**a nakaraang aralin, natutuhan na natin ang tungkol sa pagkilala sa mga suliranin. Mahalagang matukoy natin ang mga suliranin bilang mga sitwasyong may karapat-dapat na solusyon. Naniniwala ka ba nabawat suliranin ay may katapat na solusyon?

Ang araling ito ay makatutulong sa iyo upang maunawaan at maibigay mo ang angkop na solusyon sa mga suliraning naobserbahan natin sa paligid



## **Balikan**

Isulat sa maliliit na ulap ang maaaring mga suliraning naobserbahan sa iyong paligid. Piliin ang iyong sagot sa ksunod na kahon. Gawin ito sa sagutang papel.





pagbaha  
pag-aaral ng leksiyon  
pagsunod sa *social distancing*  
baradong kanal  
namamatay na mga halaman  
pagkaubos ng mga hayop  
pangangalaga sa mga hayop  
pagtanim ng mga puno  
maruming ilog

*COVID 19*  
maruming paligid  
pagtanim ng puno  
pagkalat ng basura  
gutom  
pagtatrabaho  
pagtaas ng mga bilingin  
*landslide*  
pagtaas ng pamasaha



Tara na at ipagpatuloy  
natin ang paglalakbay.  
Kapit lang!



### **Tala para sa Guro**


*Ito ay panimulang pagtatasa lamang. Maaaring itala ang iskor para mabigyang - tuon ang kahinaan ng mag-aaral.*



## Tuklasin

Bagong aralin naman ngayon ang iyong matututuhan sa araw na ito. Ito ay ang pagbibigay ng sarili o maaaring solusyon sa isang suliraning naobserbahan sa paligid.

Basahin ang kuwento at sagutin ang mga tanong. Isulat ang sagot sa iyong papel.



### Ang Naudlot na Bakasyon

Tuwang-tuwa si Beboy ng araw na iyon dahil makapagbabakasyon na ang kanilang pamilya sa bukid ng San Antonio, Cuartero, Capiz, kung saan naninirahan ang kaniyang lolo at lola. Noon lamang siya nakalabas ng bahay dahil sa *Enhance Community Quarantine* dulot ng COVID 19.

Habang nilalasp niya ang sarap ng pagbibiyaha lulan ng kanilang sasakyan ay madalas siyang mapatingin sa itaas.

“Salamat po, Panginoon! Nagkaroon ng magandang pagkakataon na maulit muli ang mga bagay na matagal ko ng pinapangarap gaya ng paglanghap ng malamig na simoy ng hangin, pagkain ng sariwang mga gulay at prutas at higit sa lahat paliligo sa malamig, malinis, at malinaw tubig sa sapa.”

Nasa kalagitnaan na sila ng kanilang paglalakbay nang biglang dumilim ang kalangitan at bumuhos ang malakas na ulan na may dalang kulog at kidlat. Halos hindi na makita ang daanan. Panay ang pagsabi ng nanay kay tatay na mag-ingat sa pagmamaneho. Nabigla kami nang biglang nagpreno at inihinto ni tatay ang sasakyan.

“Bakit po tayo huminto Tatay? Nasiraan po ba tayo?”

“Naku! anak hindi tayo makapagpatuloy. Hindi tayo makadaan! Tingnan ninyo, malaking umbok ng lupa ang nakaharang sa kalsada!”

“Oo nga, hindi makakaya ng sasakyan natin na daanan iyan,” sabi ng nanay.

“Tssk...tssk...tssk! Napakalaking suliranin sa pamayanan natin ito, sabat ng tatay.”

“Oo nga tay, dahil sa *landslide* na iyan marami ang hindi makadadaan, kaya lang wala namang ibang sisisihin sa nangyari diyan kasi tao rin ang may gawa kung bakit nauubos na ang malalaking puno sa kabundukan.”

“Tama ka diyan Beboy. Pero may paraan pa naman para hindi na maulit ang pangyayaring iyan. Kailangan lahat ng tao ay magtutulungan sa pagtatanim ng mga puno para mapalitan ang mga pinutol na punongkahoy.”

“Pati po ba kami ni Kuya Beboy ay tutulong?” Tanong ng kapatid ni Beboy.

“Oo, anak,” sagot ng tatay.

“Sige po tay, sisimulan ko na ang pagtatanim ng puno sa likod ng bahay natin bukas para hindi magka *landslide* doon.”

Napabuntong-hininga ang nanay, sabay sabing, “O sige, paandarin mo na ang sasakyan at uuwi na tayo sa bahay.”

Pinabalik ng tatay ang sasakyan at muling tinahak ng mag-anak ang daan pauwi sa kanilang bahay.

Ang kasiyahang naramdaman ni Beboy ay napalitan ng lungkot dahil sa hindi na matutuloy ang kaniyang iniisip na gagawin pagdating sa bukid.



**K**aibigan, Nagustuhan mo ba ang kuwentong binasa mo? May inihanda akong mga Gawain pa ra sa iyo na tiyak kong makakaya mo!



Bago mo sagutin ang mga tanong tungkol sa binasang kuwento, alamin mo muna ang kasingkahulugan ng ilang salitang ginamit sa akda. Pansinin ang sumusunod na mga salita na ginamit sa mga pangungusap at ang kahulugan ng mga ito.

1. Nilalasap ng mag-anak ang sariwang hangin habang nagbibiyaha sila papuntang San Antonio, Cuartero, Capiz.

**Ang kasingkahulugan ng nilalasap ay nilalanghap.**

2. Lulan ng kanilang dyip ang mag-anak ni Beboy papunta sa tirahan ng kanyang lolo at lola.

**Ang kasingkahulugan ng lulan ay sakay.**

3. Naging suliraninsa kanilang lugar hindi makadadaan ang ang landslide dahil hindi makadadaan ang mga sasakyan.

**Ang kasingkahulugan ng suliranin ay problema.**

4. Tinahak ng mag-anak ang kalsadang walang landslide upang makabalik sa kanilang bahay.

**Ang kasingkahulugan ng tinahak ay dinaanan.**


Sagutin ang mga tanong sa iyong sagutang papel.

1. Saan pupunta ang mag-anak?
2. Bakit naudlot ang kanilang pagbabakasyon?
3. Sino ang may kagagawan ng suliraning ito sa ating paligid?
4. Ano ang naging ugat o dahilan ng *landslide* o pagdausdos ng lupa?
5. Ano ang maaaring solusyon upang hindi na maulit ang pag*landslide* sa iba pang lugar?
6. Makatutulong kaya ang solusyong iyong naibigay para sa suliraning natukoy natin mula sa kuwento?



## Suriin

Tingnan mo ang tsart.




Ang suliranin sa kuwento ay pagdausdos ng lupa o *landslide*.

Samantala, ang solusyon naman ay pagtatanim ng mga puno para mapalitan ang mga naputol na kahoy.

Lahat ng suliranin ay may solusyon ngunit kailangan nating isaalang-alang ang mga sumusunod para mabigyan natin ng tamang solusyon ang suliranin. Una, alamin ang tunay na dahilan ng suliranin. Alamin ang paraan upang maging madali ang paglutas nito. Pag-aralan ang posibleng solusyon at isipin kung ano ang maaaring kalalabasan o kahinatnan ng solusyon.



**H**anda ka na ba sa mga sususunod na gawain? Kung handa ka na, gawin mo ang mga nasa Gawain 1 hanggang 3. Basahin mo ang panuto bago sagutin.



## ***Pagyamanin***

### **Gawain 1**

Ibigay ang maaaring solusyon ng mga suliraning nasagot mo sabahaging Balikan. Gawin ito sa iyong papel.

Suliranin	Solusyon
1. coronavirus	
2. baradong kanal	
3. maruming paligid	
4. namamatay na mga halaman	
5. pagbaha	
6. gutom	
7. pagkaubos ng mga hayop sa kagubatan	
8. maruming ilog	
9. pagtaas ng bilingin	
10. <i>landslide</i>	

## Gawain 2

Tingnan mo ang mga suliraning haharapin natin pagkatapos ng bagyo. Ibigay ang maaaring solusyon dito. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa iyong papel.

### HANAY A


1. kakulangan sa pagkain
2. mga nasira at natumbang poste
3. mga batang nagkasakit
4. bumabahang lugar
5. mga nasirang bahay
6. *brown out*
7. dumausdos na lupa o *landslide*
8. nasirang pananim
9. walang malinis na tubig
10. marumi at maputik na bahay

### HANAY B

- A. magtulungan sa paglinis ng bahay
- B. umigib sa ibang barangay o bumili ng mineral water
- C. magtanim ulit at alagaan ito
- D. ireport sa kapitan para makuha ang lupa
- E. ireport sa kinauukulan para maayos ang kuryente
- F. ipaayos sa karpintero
- G. mamasyal at maglaro sa plasa
- H. dalhin sa doktor o klinika para mabigyan ng gamut
- I. tumawag sa kinauukulan para maayos ang poste
- J. humingi ng tulong sa Pamahalaan
- K. magtanim ng mga puno sa mga bakanteng lugar

### Gawain 3

Punan ng angkop na solusyon ang mga kahon kaugnay ng sinundang detalye. Gawin ito sa iyong papel.







## Isaisip

Magaling ka kaibigan! Napukaw ba ang interes mo sa pagsagot sa mga katanungang napapaloob sa modyul na ito? Ano ang dapat tandaan sa araling ito? Dapat mong tandaan na sa pagbibigay ng solusyon sa suliranin ay:

**Una** alamin ang tunay na suliranin at ang pinagmulan nito.

**Pangalawa** pag-aralan ang posibleng solusyon.

**Pangatlo** isipin ang taong makatutulong sa iyo upang malutas ang suliranin.

**Pang-apat** isipin ang maaaring magiging kalalabasan o kahihinatnan.



## Isagawa

Ano ang maibibigay mong solusyon sa mga suliranin sa bawat sitwasyon? Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Ang polusyong dulot ng mga pabrika ay malaking pinsala rin. Ang mga usok nito ay may *carbon monoxida* kapag sumama sa *water vapor* ay magiging *sulfuric acid*. Kapag umulan, ang *sulfuric acid* ay magiging *acid rain* na pumapatay sa kagubatan at mga ilog.
2. Ang pagkabutas ng *Ozone Layer* ay nakababahala dahil sa nakapaglalog na ang matinding sikat ng araw sa ating daigdig. Nakaramdam na tayo ng labis na init. Ito rin ay maaaring magdulot ng kanser sa balat at iba pang sakit at pagkasira ng kabuhayan.
3. Maraming ilog at sapa ang tila wala nang silbi dahil wala nang isda at iba pang laman-tubig ang nabubuhay rito. Patuloy silang nauubos dahil sa dumi at basurang itinatapon sa ating katubigan.

4. Nanganganib namauubos ang mga ibon sa kagubatan dahil sa pang-aabuso sa kanila ng mga tao.
5. Walang kapayapaan at kaayusan ang Barangay Mahirop dahil karamihan sa kalalakihan ay uminom ng alak kaya't talamak ang awayan at patayan dito.
6. Sa tuwing darating ang panahon ng tag-ulan, maraming kabataan at maging matatanda ang namamatay dahil sa pagkagat ng lamok na *Aedes Egypti* na nagdudulot ng sakit na *Dengue*.
7. Maririnig sa balitang marami ang hindi sumusunod sa *curfew hours* kung saan hindi na puwedeng lumabas ng bahay mula alas 8:00 ng gabi hanggang alas 5:00 ng umaga.
8. Ang daanan papuntang Quinayuya Elementary School ay mahirap lalong -lalo na tuwing panahon ng tag-ulan na nagdudulot ng disgrasya sa mga gurong nagtuturo rito.
9. Sa aming *barangay* ay maraming galang aso na palaboy- laboy sa daan kaya't marami ang nadidisgrasya at biktima ng pagkagat ng aso.
10. Panahon ng tag-init at walang pasukan. Ang mga tanim sa hardin ng inyong paaralan ay unti-unting nalalanta at namamatay.



## **Tayahin**

Basahin ang bawat sitwasyon. Ibigay ang maaaring solusyon dito. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat ito sa sagutang papel.

1. Nakagawian na ng mga tao sa *barangay* ang pagsunog ng basura na siya pa lang dahilan ng pagkakasakit ng mga bata ng *asthma*. Ano ang maaaring solusyon mo sa ganitong suliranin?
  - A. Ilagay sa loob ng buho at sunugin ang mga basura.
  - B. Iwanan lang sa daanan ang mga basura.
  - C. Itapon ang mga basura sa ilog, sapa, at dagat.
  - D. Ipunin at i-*segregate* ang mga basura at itapon sa tamang tapunan.
2. Noong bata pa akoay madalas kaming naliligo sa sapa tuwing nagbabakasyon kami sa lugar ng lola ko. Malinis, maputi at maraming isda ang nag-uunahan sa paglangoy sa sapa. Ngayon, sobrang nakadidismayang isipin dahil maitim na ang tubig nito sapagkat napabayaang ginawa ng paliguan ng kalabaw.
  - A. Pabayaang lang ito.
  - B. Iiyak at huwag ng bumalik sa lugar na iyon.
  - C. Pagalitan ang mga taong nagdadala ng kanilang kalabaw sa sapa.

- D. I-reportsa opisyal ng *barangay* para mapagbawalan ang mga taong ginagawang paliguan ng kalabaw ang sapa.
3. Maraming namamatay sa kabilang *barangay* dahil sa sakit na *Dengue*. Ano ang maaaring solusyon nito?
- A. Tumulong sa paglilinis ng sambayanan.
  - B. Huwag ng tumulong dahil marami naman ang gumagawa ng paglilinis.
  - C. Ipaubaya na lang ang lahat sa mga opisyal ng *barangay*.
  - D. Gumamit ng *pesticides* napamatay sa lamok.
4. Ang buong mundo ay humaharap sa napakasalimuot na suliranin sa kalusugan dahil sa paglitaw ng *pandemic* na sakit ang *COVID-19*. Alin ang maaaring solusyon nito.
- A. *vaccine*
  - B. *paracetamol*
  - C. halamang gamot
  - D. gamot sa ubo
5. Problema ang doble-dobleng pag-*park* ng mga sasakyan sa aming kalye. Ano ang pinakamabuting solusyon nito?
- A. Guhitan ang sasakyan ng kahit na anong tinta.
  - B. Magalit sa mga may-ari ng sasakyang nagpa-*park* sa kalye.
  - C. Huwag pansinin kasi wala ka namang sasakyang magpa-*park*.
  - D. Ipaalam sa opisyaless ng *barangay* upang mahanapan ng tamang *parking area* ang mga sasakyan.
6. Ipinapatupad na ang *Enhance Community Quarantine* sa ating bansa dahil sa epidemyang *COVID-19*. Isa sa ipinagbabawal ay ang paglabas ng kabataan pero sa kabila nito marami pa rin sa kanila ang hindi sumusunod at patuloy pa rin ang paglalaro sa labas. Ano ang pinakamabuting solusyon nito?
- A. Hayaan sila sa kanilang ginagawa.
  - B. Tingnan lamang sila para mapagalitan sila ng pulis.
  - C. Sasali sa kanilang paglalaro dahil nababagot ka na sa bahay.
  - D. Isumbong sa kinauukulan para magawan ng paraan at matuto silang sumunod sa patakaran.
7. Mahilig kumain ng tsokolate ang iyong kapatid kaya lagi itong umiiyak dahil sa sakit ng ngipin. Ano ang mabuting gawin dito?
- A. dalhin sa klinika
  - B. huwag pansinin
  - C. tawanan ang iyong kapatid
  - D. yayaing maglaro sa parke ng inyong lugar
8. Upod sindi ang lolo mo sa paninigarilyo. Isang araw dinala ito sa ospital dahil siya ay nagkasakit at napag-alamang mayroon na itong sakit sa baga. Pagkalabas ng ospital nakita mong naninigarilyo pa rin siya ng patago. Ano ang iyong gagawin?
- A. pagtawanan siya
  - B. isumbong sa pulis
  - C. bilhan ng maraming sigarilyo

- D. isumbong sa nanay para mapagsabihan siya
9. Umiigib kayo ng tubig sabalon. Isangumaga kukuha ka na sana ng tubig nang maamoy mong may amoy gasolina pala ito. Ano ang iyong gagawin?
- Manahimik na lamang.
  - Umuwi agad at huwag na lang umigib ng tubig.
  - Humingi ng tulong para malinisan ang balon.
  - Ipatuloy ang pagkuha kahit na alam mong amoy gasolina ang tubig.
10. Nagkaklase ang iyong guro sa Filipino 6 nang biglang sumakit ang iyong tiyan. Ano ang iyong gagawin?
- Lumabas na hindi nagpapaalam sa guro.
  - Magpaalam nang maayos sa guro.
  - Magpaalam sa iyong kaklase na ikaw ay lalabas.
  - Hintaying hindi tumitingin ang guro at saka kumaripas ng takbo palabas ng silid aralan.



## Karagdagang Gawain



**U**misip ng limang suliraning naoobserbahan mo sa inyong barangay ngayong panahon ng pandemya. Ibigay ang maaaring solusyon dito. Sumulat ng isang maikling sanaysay tungkol dito.

**N**apakahusay mo kaibigan! Natapos at napagtagumpayan mo ang araling ito. Sana'y naiwan sa iyong isipan ang lahat ng mga napag-aralan natin sa pagbibigay ng maaring solusyon. Nawa'y gamitin mo ang mga ito upang mahasa pa ang pagbibigay ng sariling opinyon. Bagaman tapos na tayo sa araling ito. Ihandang muli ang iyong sarili sa panibago na namang aralin, ang **Modyul 12: Pagsulat ng Angkop na pamagat ng talata**



## Susi sa Pagwawasto

<b>Subukin</b> 1 B 2 A 3 F 4 C 5 E 6 D 7 B 8 D 9 D 10 D	<b>BALIKAN</b> 1 pagbaha 2 baradong kanal 3 gutom 4 pagkaubos ng mga hayop 5 maruning ilog 6 COVID-19 7 Maruning pailigid 8 Pagtaas ng pamasahé 9 Landslide 10 Pagtaas ng bihinn	<b>TUKLASIN</b> 1. Nagbabakasyon ang mga-anak sa San Antonio, Cuartero, Capiz. 2. Hindi ita makadaan dahil magkandula ang lupa 3. Ang kapwa natin Pilipinong magcororo at magkakatamag. Marubos na ang malalaking mga puno sa kabundukan. 4. Marubos na ang malalaking mga puno sa kabundukan. 5. Magkukulungan sa pagtanim ng mga puno sa mga bakasyoning lupa. 6. O, dahil mapapalitan ang mga malalaking puno na pinutol ng mga tao
---	--	--

<b>Pagymain</b> <b>Gawain 1</b> 1. Vaccine 2. Lintin at kunin ang bumabara 3. Tumulong sa paghinit 4. Magtanim at alagaan 5. Pagtanim ng mga puno 6. Pagtanim ng gulay/Magharap ng trabaho 7. Isumbong sa kinauukulan 8. Malagay ng karatula huwag magtapon ng basura 9. Ireport sa kinauukulan 10. Ireport sa kinauukulan	<b>Gawain 2</b> 1. magtanim ng gulay/humingi ng tulong sa pamahalaan 2. magpahil sa puwedeng lumabas 3. Ireport sa kinauukulan 4. Ireport sa kinauukulan 5. Gumawa ng paraang mapagkakakitaan 6. E 7. D 8. C 9. B 10. A	<b>Gawain 3</b>
---	---	-----------------

<b>ISAGAWA</b> 1. Ireport sa kinauukulan. 2. Bawasan ang paggamit ng makasira sa ozone layer 3. Iwasan ang pagtapon ng basura. 4. Ireport sa kinauukulan 5. Magpatupad ng ordinansa para sa kaayusan sa barangay 6. Lintin ang pailigid barangay 7. Ireport sa opisyal ng barangay 8. Ireport sa kinauukulan para maipagawa ang kalsada 9. Ireport sa kinauukulan 10. puntahan at diligan araw-
---

<b>TAYAHIN</b> 1. D 2. D 3. A 4. A 5. D 6. D 7. A 8. D 9. C 10. B
---

<b>KARAGDAGANG GAWAIN</b> Lahat ng sagot ng mga bata ay tama kung ito ay nabigyan ng tamang solusyon.
--

## **Sanggunian**

- *Most Essential Learning Competencies (MELCs) F6PS-Ig-9, p.222*
- *K to 12 Basic Education Curriculum 2016 F6PS-Ig-9, 120*
- *Lrmds portal*
- *Sariling katha*

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)